



Pabalik na sa Ama



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gawa 1:1-11)

Ang Mabuting Balita Isinalaysay

¹MAHAL na Teofilo: Isinalaysay ko sa aking unang aklat ang lahat ng ginawa at itinuro ni Hesus buhat sa pasimula ²hanggang sa araw na siya’y umakyat sa langit. Bago siya umakyat, tinagubilinan niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang mga apostol na kanyang hinirang.

Hesus: Pagkatapos ng Muling Pagkabuhay

Pagkatapos ng kanyang pagbabata, maraming ulit siyang napakita sa kanila. Sa gayon, napatunayang siya’y buhay. Napakita siya sa kanila ³sa loob ng apatnapung araw at nagturo tungkol sa paghahari ng Diyos. ⁴At samantalang siya’y kasama-sama pa nila, kanyang tinagubilinan sila: “Huwag muna kayong aalis sa Jerusalem. Hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama na sinabi ko na sa inyo. ⁵Nagbinyag nga sa tubig si Juan, ngunit di na magtatagal at bibinyagan kayo sa Espiritu Santo.”

⁶Kaya’t nang magkasama-sama si Hesus

at ang mga alagad, nagtanong ang mga ito, “Panginoon, itatatag na ba ninyong muli ang kaharian ng Israel?” ⁷Sumagot siya, “Ang mga panahon at sandali ay itinakda ng Ama sa kanyang sariling kapangyarihan, at hindi na kailangan pang malaman ninyo kung kailan iyon. ⁸Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig.”

Pag-akyat sa Langit

⁹Pagkasabi nito, siya’y iniakyat sa langit samantalang nakatingin sila sa kanya; at natakpan siya ng ulap.

Ang Mga Anghel

¹⁰Habang sila’y nakatitig sa langit, dalawang lalaking nakaputi ang biglang tumayo sa tabi nila. “Mga taga-Galilea,” ¹¹sabi nila, “bakit kayo narito’t nakatingala sa langit? Itong si Hesus na umakyat sa langit ay magbabalik tulad ng nakita ninyong pag-akyat niya.”

Tema: **Ang Pag-akyat ng Panginoon**

PAGPAPALIWANAG

- Pinaaalala sa b.1 ang Ebanghelyo ayon kay Lucas.
- Ang Ebanghelyong ito ay tungkol sa mga gawa at aral (Salita) ni Hesus hanggang sa kanyang maluwalhating pag-akyat sa langit (b.2).
- Ang Ebanghelyo ni Lucas ay inihandog niya sa isang Teofilo. Itinuturing siya bilang isang mahusay na mambabasa, isang taong may mataas na repustasyon (Kagalang-galang, Lc 1:1)
- Sa b.3 isinalarawan ang mga gawa ni Hesus:
 - Pinatunayan nyang sya’y muling nabuhay.
 - Nagpakita siya sa mga apostol sa loob ng 40 araw.
 - Itinuro niya ang Kaharian ng Diyos.
- Sa b.4, tinagubilinan ni Hesus ang mga apostol na manatili sa Jerusalem hanggang sa pagdating ng Espiritu Santo.
- Nang si Hesus ay bininyagan, tinanggap niya ang Espiritu Santo.
- Sa b.5, ipinaalala ang pagbabasbas ni Juan Bautista sa pamamagitan ng tubig.
- Matapos ang 50 araw, matatanggap nila ang Espiritu Santo.
- Sa b.6, ipinakikita ang gawing-makabansa ng mga apostol (pag-aakalang ang Kaharian ng Diyos ay isang bagong bansang itatatag ni Hesus).
- Ang panunumbalik ng Kaharian ng Israel, paglaya mula sa mga Romano.
- Sa b.7, hindi ipinaliwananag ni Hesus sa mga apostol ang kanilang makitid na pagkakaunawa sa Kaharian ng Diyos. Sapagkat, hindi itinakda ng Ama na malaman nila ang tamang oras at panahon nito.
- Sa b.8, ipinapakita na mas interesado si Hesus sa pagdating ng Espiritu Santo at pagiging saksi ng mga apostol.
- Ang kanilang saklaw: Jerusalem, Judea, Samaria, at “hanggang sa dulo ng daigdig” (buong mundo).
- Isinabuod sa b. 9 ang maluwalhating Pag-akyat ni Hesus sa langit.
- Katulad ng kanyang pagkakapako sa krus

at muling-pagkabuhay, hindi detelyadong isinalarawan ng may akda ang kanyang maluwalhating pag-akyat sa langit.

- Pabalintayak na isinulat ng may akda ang b.9 (siya’y iniakyat). Ang Diyos ang “aktor” ng pangungusap.
- Sa b.10, isinalarawan ang pagkakakita sa dalawang lalaking nakasuot-puti (maaring mga anghel). Sa Lc 24:4, isinalarawan din sila na nakita sa libingan ni Hesus.
- “Mga taga-Galilea” ang siyang naging pagbati sa mga apostol, nang dalawang lalaking nakasuot-puti. Ang ibig sabihin, alam nila kung saan nagmula ang mga apostol.

PAGNINILAY

Ipinaalam nila sa mga apostol na katulad ng pag-akyat ni Hesus sa Langit, ganoon din naman siyang muling magbabalik.

SALMONG TUGUNAN (47)

HABANG UMAAKYAT ANG DIYOS, ANG TAMBUL’Y TUMUTUNOG.

IKALAWANG PAGBASA (Ef 1:17-23)

¹⁷MGA KAPATID: Hinihiling ko sa Diyos ng ating Panginoong Hesukristo, ang dakilang Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at ng tunay na pagkakilala sa kanya. ¹⁸Nawa’y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa kanyang pagkatawag sa atin. Ito’y ang kaluwalhati-ang inilaan niya sa kanyang mga hinirang, ¹⁹at ang walang²² hanggang kapangyarihan niya sa atin na mga nananalig sa kanya. ang kapangyarihan ding iyon ²⁰ang muling bumubuhay kay Kristo at nagluklok sa kanya sa kalangitan, sa kanan ng Diyos. ²¹Kaya’t nasa ilalim ng kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng paghahari, kapamahalaan, kapangyarihan, at pamunuan.

Higit ang kanyang pangalan kaysa lahat ng pangalan, hindi lamang sa panahong ito kundi pati sa darating. Ipinailalim ng Diyos sa kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng bagay, at siya ang ginawang ulo ng Simbahan. ²³Ito ang katawan ni Kristo, ang kapuspusan niya na pumupuspos sa lahat-lahat.

Tema: **Karunungan at Kaalaman mula sa Panginoon**

PAGPAPALIWANAG

- Sa bb. 17-18, ipinahiwatig ng may akda ang kanyang hiling para sa mga Kristiyanong mananampalataya:
 - na pagkalooban niya [Ama] kayo ng Espiritu ng karunungan at ng tunay na pagkakakilala sa kanya. Nawa’y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip“
- Ang kanilang dapat na malaman:
 - Inaasahang pag-asa, kayamanan at kadakilaan ng mga nananampalataya.
 - Ang kamangha-manghang ginawa ng Ama sa kanyang Anak.
 - Ang pagkabuhay na magmuli.
 - Ang Anak na nauupo sa kanyang kanang kamay.
 - Ang Anak na namumuno ng kanyang Simbahan, ang kanyang katawan

PAGNINILAY

Ang Pag-akyat ng Panginoon ay dapat magpapaalala sa atin na tayo ay may mahalagang misyon dahil mayroon tayong patutunguhan sapagka’t tayo’p mga tunay na mga tagapagsunod ni Kristo.

MABUTING BALITA (Lc 24:46-53)

Naganap ang Salita

⁴⁶SINABI ni Hesus sa kanyang mga alagad:”Ganito ang nasusulat: kinakailangang magdusa at mamatay ang Kristo at pagkatapos,

siya’y muling mabubuhay sa ikatlong araw. Sa kanyang, ⁴⁷ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng mga bansa., magmula sa Jerusalem..”

Ang Misyon ng mga Apostoles

⁴⁸Kayo ang magiging mga saksi sa mga ito.

Ipinangako ang banal na Espiritu

⁴⁹Ipadadala ko naman ngayon sa inyo ang ipinangako ng aking Ama kaya manatili kayo sa lunsod hanggang mabihisan kayo ng lakas mula sa itaas.

Ang pag-akyat sa langit ni Hesus at ang Tugon ng mga Apostoles

⁵⁰At lumabas sila ni Hesus hanggang sa mgay Betania, at itinaas iya ang kanyang mga kamay at binasbasan niya sila. ⁵¹At habang binasbasan niya humiwalay siya sa kanila (at dinala sa Langit. ⁵²Sinamba naman nila siya.).Nagbalik sila sa Jerusalem na puspos ng galak ⁵³at lagi sila sa Templo na nagpupuri sa Diyos.

Tema: **Ang Pag-akyat ni Hesus sa Langit**

PAGPAPALIWANAG

- Sa b. 46 sinasabi ni Hesus sa kanyang mga tagapagsunod na lahat na nangyari sa kanya (pagpapakasakitm kamatayan at pagkabuhay nang muli) ay naganap ayon sa Banal na kasulatan.
- Ang b. 47 ay nagpapahayag ng tema ng mensahe ni Juan Bautista sa simula ng ebanghelyo: pagsisisi’ kapatawaran.
- Sa b. 48, idiniklara ni Hesus na ang kanyang mga tagapagsunod ay testigo sa misterio ng Mesias (Hesus). kailangan nilang isawalat, ibalita, ipahayag ang kauthan ni Hesus sa kanyang kabuuan.
- Ang bb. 50-51 naglalarawan ng pag-akyat sa langit ni Hesus at ang tugon ng kanyang mga tagapagsunod.
- Sa 52-53, ang tugon ng mga disipulos: pagpupugay, kagalakan, patuloy na pagpupuri sa Diyos doon sa Templo.

II. PAG-UUGNAY

Ang mabuting Balita ay tungkol sa Pag-akyat ni Hesus sa langit. Ang Unang pagbasa ay tungkol din sa pag-akyat ni Hesus sa langit. Ang Diyos, dahil sa kaluwalhatian ng dult ni Hesus ay nagpadala ng banal na Espiritu kaya tayo ay naniniwala sa kanyang kadakilaan.

III. SALAMIN NG BUHAY



1. Bakit ang kapistahan ng pag-akyat sa langit ay hindi masyadong nagbibigay ng alab sa ating pananampalataya sa kapanahunan ngayon?

2. Tingnan ang mga naganap na mga karahasan at pandarayang nanayari sa kagagaganap lamang na eleksyon. Paano ba ang kaluwalhatian ng Pag-akyat ni Hesus sa langit maging isang pamamaraan sa pagkikilatis ng mga pangyayaring ito?

Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
- Isinalin ni Hansel Mapayo, SSP

(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)